


Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

Unang Markahan – Modyul 11: Pananaw ng Iba’t ibang Awtor sa Wikang Pambansa



Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

Alternative Delivery Mode

Unang Markahan – Modyul 11: Pananaw ng Iba't ibang Awtor sa Wikang Pambansa Unang Edisyon, 2021

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Jessica P. Estares
Editor: Jonathan F. Bernabe
Tagasuri: Perlita E. Dela Cruz, Elisa N. Lajera, Neneth P. Erni,
Ma. Theresa Austria, Leonila L. Custodio
Tagaguhit: Romdel F. Partoza
Tagalapat: Julie Anne V. Vertudes
Tagapamahala: Francis Cesar B. Bringas
Job S. Zape, Jr.
Ramonito O. Elumbaring
Reicon C. Condes
Elaine T. Balaogan
Fe M. Ong-ongowan
Rommel C. Bautista
Galileo L. Go, Randy D. Punzalan
Elpidia B. Bergado
Noel S. Ortega
Maribeth C. Rieta
Leonila L. Custodio
Julie Anne V. Vertudes

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal

Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487

E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

**Komunikasyon
at Pananaliksik sa Wika
at Kulturang Pilipino
Unang Markahan – Modyul 11:
Pananaw ng Iba't ibang Awtor
sa Wikang Pambansa**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay naglalaman ng pagtalakay sa mga pananaw ng mga indibidwal ukol sa pinagdaanang pangyayari ng wikang pambansa. Makatutulong ang modyul na ito sa iyo upang higit mong maunawaan ang naging kasaysayan ng Wikang Pambansa.

Naglalaman ang modyul na ito ng paksang:


1. Pananaw ng Iba't ibang Awtor ukol sa Wikang Pambansa

Kasanayang Pampagkatuto:

- Nasusuri ang mga pananaw ng iba't ibang awtor sa isinulat na kasaysayan ng wika

Layunin:

- Natutukoy ang pananaw ng iba't ibang awtor mula sa sanaysay tungkol sa kasaysayan ng wika
- Nakapagbibigay ng sariling pag-unawa sa tekstong binasa mula sa pananaw ng awtor.
- Nasusuri ng mga pahayag tungkol sa wikang pambansa



Subukin

Unawain mong mabuti ang katanungan. Tukuyin kung ang pahayag ay TAMA o MALI. Kung tama, isulat sa sagutang papel ang A at kung mali naman ay B.

1. Ang wika ay walang kaugnayan sa lahat ng aspeto sa lipunan.
2. Hinahati ng wika ang mga mamamayan sa dalawang categorya.
3. Edukasyon ang ibinahagi ng mga Amerikano sa mga Pilipino upang tayo ay mag-aklas laban sa kanila.
4. Kung walang makitang pagkamakabayan sa mga opisyal ng pamahalaan, hindi dapat asahan na sibol sa mga Pilipino ang damdaming nasyonalismo.
5. Ang wika bilang isang tagapag-unlad at tagapagpalaya ng isang bansa.
6. Ang *social media* ay mayroong kaugnayan sa pagbabago ng kultura.
7. Hindi na kailangan na maging wasto ang estruktura ng wika para sa isasagawang estandardisasyon.
8. Sa pamamagitan ng wika, ipinakilala ang kultura ng isang bansa.
9. Nawawala ang atensyon o pokus sa pag-aaral ng ating pambansang kasaysayan dahil sa mga kaisipang kanluranin na patuloy nating tinatangkilik.
10. Sa isang export economy ay wikang Ingles ang siyang naging daan upang maisakatuparan ito.
11. Ang wika ay mayroong iba't ibang konsepto.
12. Maituturing na ang wikang Ingles ay makapangyarihan kumpara sa wikang Filipino.
13. Ang binhi ng nasyonalismo ang siyang nagbubuklod sa mga Pilipino.
14. Ang wika ay simbolo ng kaunlaran.
15. Wikang Pambansa ang siyang maging daan sa pagkakabuklod-buklod ng mga Pilipino upang higit na paunlarin ang wikang sariling atin.

Aralin 10

Pananaw ng Iba't ibang Awtor sa Wikang Pambansa

Sa modyul na ito ay tatalakayin ang Kasaysayan ng Wikang Pambansa. Nakapokus ito sa mga pananaw na inilahad ng mga partikular na mga awtor. Inilahad dito ang siyang pinagdaanan ng Wikang Filipino sa pamamagitan ng pagbibigay ng kani-kanilang opinyon na siyang nagbibigay-linaw sa aralin.



Balikan

Bago natin simulan ang iyong magiging paglalakbay sa modyul na ito, muli mong balikan ang iyong natutunan sa unang aralin sa pamamagitan ng pagsagot sa partikular na tanong:

- *Batay sa mga naging pahayag ng mga partikular na indibidwal, paano mo maipapakita ang pagpapahalaga sa wikang Filipino?*



Halika, ipagpatuloy mo na iyong pag-aaral. Tuklasin mo na ang pananaw ng mga awtor tungkol sa wikang pambansa. Basahin mo muna ang pagtalakay sa mga pananaw mula sa iba't ibang indibidwal na siyang gagabay sa iyong pag-aaral sa modyul na ito.



Tuklasin


Wikang Filipino, sangkap sa pagpapakilala ng kultura

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga makabagong uri ng komunikasyon tulad ng social media, maaaring matagpuan ang mga pagbabago sa kultura at lingguwistika ng ating lipunan, ayon sa mga dalubhasa.

“Ang *social media* ay pangunahing ginagamit natin sa paghahatid ng mensahe. Isa ito sa mga pangunahing proseso ng komunikasyon at hindi kailan man maihihiwalay sa kultura ng lipunang ginagalawan natin,” wika ni April Perez, propesor sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, sa ikalawang araw ng Pandaigdigang Kongreso sa Araling Filipinas sa Wikang Filipino. Lumabas sa pananaliksik ni Perez na higit na binibigyang-pansin ng mga mag-aaral ang nilalaman ng mga *Facebook status* ngunit tinitingnan pa rin nila ang wikang ginamit sa pagpapahayag dito.

Ayon naman kay Ma. Althea Enriquez, isang propesor sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, “sa pagtuturo ng wika, kailangang ituon ang atensiyon ng mga guro sa anyo ng mga salitang ginagamit kaysa sa tungkulin nito sa pangungusap”. Iminungkahi rin niyang pagtuunan ng pansin ang ugnayan ng mga salita sa isa’t isa.

Nabanggit naman ni Imelda De Castro, propesor sa Unibersidad ng Santo Tomas, ang kahalagahan ng tamang estruktura at gramatika sa Filipino upang makamit ang estandardisasyon ng wika tungo sa mas progresibo at modernisadong Filipino. “Ang wika ay kailangang sumulong sa tinatawag na transpormasyon para maka-*adapt* ito sa pagbabago ng panahon,” ani De Castro. Paliwanag niya, hindi lamang wikang Filipino ang ginagamit upang mapagting ang ugnayan sa mga mamamayan kundi lahat ng wika sa Pilipinas upang magkaroon ng koneksyon sa iba’t ibang sektor ng lipunan. Dagdag pa niya, “mayroong tungkulin ang pamahalaan na manguna sa paggamit at pagpapalaganap ng wikang pambansa. Dapat gawing *competent* sa Ingles at Filipino ang mga opisyal upang mahikayat ang iba na sumulat at gumawa ng pananaliksik ng sa gayon ay maitanghal ang wikang Filipino bilang intelektuwalisado at modernisado”, aniya.



Suriin

Alam kong makatutulong ito sa iyo upang magkaroon ka ng gabay at mapadali sa iyo ang daloy ng modyul na ito.”

Wikang Pambansa: Ang magpapalaya sa bansa sa trahedya ng pagkawala

Ang wika ay may kaugnayan sa lahat ng aspekto sa lipunan – pulitikal, sosyal, kultural, at ekonomikal. Hindi maaaring umusbong ang isang penomenon sa bansa na hindi dulot o iniimpluwensiyahan ng wika. Sa ganitong pananaw, mahihinuha natin na lahat ng kaganapan sa bansa – mabuti man o hindi – ay nag-uugat sa wika.


Ang sistema ng edukasyon, ang mga pulitikal na pagpapasya, ang namamayaning kaisipan at *paradigm* sa lipunan, komunikasyon sa loob at labas ng bansa, nauusong mga gawaing kultural o “cultural trends” at ang estado ng ekonomiya sa bansa – ito ay ilan lamang sa mga penomenong bumabalot sa bansa na hindi maipagkakailang tumubo mula sa ugat ng diskusyong may kaugnayan sa wika. Ang mga sumusunod na pahayag ay naaayon sa kritikal na obserbasyon at pananaw nina De Quiros (1996), Constantino (1996), Arao (2007; 2010) at Geronimo (2012).

Inilarawan ni Conrado de Quiros (1996) ang wika bilang isang instrumento para makapaghari. Ang paglaganap ng wikang Ingles ay lumilikha ng dibisyon sa pagitan ng mga naghaharing uri at pinaghaharian, at ng mga binabansagang “elite” sa lipunan at mga tinaguriang kabilang sa mababang estado sa lipunan. Hinahati nito ang mga mamamayan sa dalawang kategorya na pinangalanang “superior” at “inferior”. Ang konsepto ng wika bilang isang simbolo ng kapangyarihan ay matagal nang naka-ukit sa kasaysayan ng Pilipinas. Isang katibayan ang pagkakait ng mga Kastila ng wikang Espanyol sa mga Pilipino upang maipuwera sa alta sosyedad at mapigilan ang anumang pag-aaklas na maaaring umusbong kapag naunawaan ng mga mamamayan ang kanilang wika. Gayundin magiging hadlang ang pagkatutuo ng mga Pilipino ng wikang Espanyol sa kanilang plano na maghari, yumaman at maayos na pamumuhay sa bansang Pilipinas. Sa kabaliktaran, ibinahagi ng mga Amerikano ang kanilang wika upang magkaroon ng malinaw na ugnayan sa pagitan nila at ng mga mamamayan. Sa ganitong pagpapasya, hindi nag-aklas ang mga Pilipino laban sa Amerika kundi sila pa ay naging masunurin.

Isa pang suliranin ang pagsasabatas ng mga anti-Filipino o anti-mamamayang polisiya. Ayon nga kay Jonathan Vergara Geronimo (2012), kung walang makitang pagkamakabayan sa mga opisyal ng pamahalaan, hindi dapat asahang agad sisibol ang binhing nasyonalismo sa puso ng mga Pilipino na siyang magbubuklod sa kanila. Ayon kay Arao (2007), dahil idineklara ang Ingles bilang midyum ng pagtuturo sa eskwelahan, nariyan ang inaasahang pagtaas ng *English*

proficiency ng mga mag-aaral. Sa pangangampanya ng mga eskwelahan ng mga kaisipang kanluranin, nawala ang pokus sa pag-aaral sa pambansang kasaysayan at mga ambag sa daigdig ng kaisipan ng mga pantas ng sariling bansa (Constantino, 1996). Sa madaling salita, nawala ang *intellectual tradition* ng mamamayang Pilipino. Naghari ang kolonyal – partikular na ang Kanluranin – na pag-iisip na lumilikha ng mga “*mental educators*” o mga misedukado. Ipinaliwanag din ni Arao (2007), sa isang panig naman, ang Ingles ay magbibigay daan sa isang matagumpay na “export economy”.

Sa kabuuan, may iba’t ibang mukha ang wika na ipinakita ang mga awtor: Ang wika bilang instrumento sa kapangyarihan (De Quiros, 1996), Ang wika bilang susi sa pagbubuklod ng sambayanan (Arao, 2010), ang wika bilang instrumento sa pagpayayaman ng edukasyon at kaalaman (Constantino, 1996), ang wika bilang instrumento sa pamamahayag (Arao, 2007), at sa kabuuan, ang wika bilang isang tagapag-unlad at tagapalaya (Geronimo, 2012). Nakakatawang isipin na ang wika – na pangunahing instrumento sa komunikasyon, ang siya pang nagiging dahilan upang mahati, mawalan ng pag-uunawaan, at mawalan ng komunikasyon ang mga mamamayang Pilipino.



Pagyamanin

PAGSASANAY 1

Unawaing mabuti ang tanong at ilahad ang iyong mga patunay rito.

Paano nakakaapekto ang cultural trends sa naging pag-unlad ng wika?

PAGSASANAY 2

Suriing mabuti ang mga pangungusap tungkol sa Wikang Pambansa at ilahad kung sang-ayon o di-sang-ayon sa pamamagitan ng paglalahad ng sariling opinyon.

1. Ang paglaganap ng wikang Ingles ay lumilikha ng dibisyon sa pagitan ng mga pangkat sa lipunan.
2. Ang wika ang dahilan sa kawalan ng pagkakaunawaan ng mga mamamayan sa isang partikular na pamayanan.
3. Ang paggamit ng wikang Ingles bilang midyum ng pagtuturo ang dahilan ng pagtaas ng *English proficiency*.

PAGSASANAY 3

Batay sa nilalaman ng talata na nasa kahon, ipaliwanag sa sariling opinyon ang mga pahayag ng mga awtor tungkol sa wika.

May iba't ibang mukha ang wika na ipinakita ang mga awtor: Ang wika bilang instrumento sa kapangyarihan (De Quiros 1996), Ang wika bilang susi sa pagbubuklod ng sambayanan (Arao, 2010), ang wika bilang instrumento sa pagpapayaman ng edukasyon at kaalaman (Constantino 1996), ang wika bilang instrumento sa pamamahayag (Arao, 2007), at sa kabuuan, ang wika bilang isang tagapag-unlad at tagapagpalaya (Geronimo, 2012). Nakakatawang isipin na ang wika – na pangunahing instrumento sa komunikasyon, ang siya pang nagiging dahilan upang mahati, mawalan ng pag-uunawaan, at mawalan ng komunikasyon ang mga mamamayang Pilipino.

1. _____

2. _____

3. _____



Isaisip

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang iyong magagawa upang mapaunlad ang wikang Filipino?

2. Sa kasalukuyang nangyayari sa wikang Filipino, anong paraan ang iyong magagawa upang higit itong makilala?

3. Bilang isang mag-aaral, makatutulong ba sa iyo ang pagiging bihasa sa pagsasalita ng wikang Ingles?



“Ang wika ay may kaugnayan sa lahat ng aspeto sa lipunan – politikal, sosyal, kultural, at ekonomikal.”

- Nilalaman.....5
- Kahusayan sa paglalahad ng ideya.....5
- Wastong gamit ng mga bantas.....5

15 puntos

[illegible]



Tayahin


Unawain mong mabuti ang katanungan. Tukuyin kung ang pahayag ay TAMA o MALI. Kung tama, isulat sa sagutang papel ang A at kung mali naman ay B.

1. Sa patuloy na pagtangkilik sa kanlurang kaisipan ay nawawala ang atensiyon sa pag-aaral ng ating pambansang kasaysayan.
2. Walang kaugnayan ang wika sa lahat ng aspeto sa lipunan.
3. Sa pagbabagong nagaganap sa kultura, mayroong kaugnayan dito ang paglaganap ng *social media*.
4. Nagtataglay ng iba't ibang konsepto ang wika.
5. Ibinahagi ng mga Amerikano sa mga Pilipino ang edukasyon upang tayo ay gumawa ng hakbang laban sa kanila.
6. Ang wikang Ingles ang siyang naging daan upang maisakatuparan ang isang *export economy*.
7. Ang mga mamamayan ay nahahati sa dalawang kategorya dahil sa wika.
8. Ang wikang Ingles ay mas makapangyarihan kumpara sa wikang Filipino.
9. Hindi dapat asahan sisibol sa mga Pilipino ang damdaming nasyonalismo kung walang makitang pagkamakabayan sa mga opisyal ng pamahalaan.
10. Maipapakita ang kultura na mayroon ang isang bansa sa pamamagitan ng wika.
11. Higit na uunlad ang sariling atin kung ang wikang Pambansa ang siyang magbubuklod-buklod sa mga Pilipino.
12. Nagsisilbing tagapagpalaya at tagapag pag-unlad ang wika.
13. Sa isasagawang estandardisasyon, hindi na kailangan na maging wasto ang estruktura ng wika.
14. Sumisimbolo sa kaunlaran ang wika.
15. Binhing nasyonalismo ang siyang magbibigkis sa mga Pilipino.



“Ang wika ay nagsisilbing salamin ng kultura ng isang bansa”

[illegible]



Susi sa Pagwawasto

Subukin 1. B 2. A 3. B 4. A 5. A 6. A 7. B 8. A 9. A 10. B 11. A 12. B 13. A 14. A 15. A	Pagyanmanin 1. Sang-ayon 2. Di-sang-ayon 3. Sang-ayon Pagsasasanay 1	Tayahin 1. A 2. B 3. A 4. A 5. B 6. B 7. A 8. B 9. A 10. A 11. A 12. A 13. B 14. A 15. A
--	---	--

Sanggunian

Filipino Editor (2017, Agosto 31) Wikang Filipino, sangkap sa pagpapakilala ng kultura. The Varsitarian. Nakuha mula sa <https://www.google.com/amp/s/varsitarian.net/filipino/20170831/wikang-filipino-sangkap-sa-pagpapakilala-ng-kultura/amp>

Hernandez, J. (2014, Enero 28). Wikang Pambansa: Ang Magpapalaya sa bansa sa trahedya ng pagkawala. Word Press.com. Nakuha mula sa <https://justinehernandez.wordpress.com/2014/01/28/wikang-pambansa-ang-magpapalaya-sa-bansa-sa-trahedya-ng-pagkawala/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph